



PATNUBAY SA MISA

16 Pebrero 2025

Ika-6 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

Pinagpala ang Pumipili sa Buhay

Panawagan sa atin ngayon na magnilay sa dalawang mapagpipilian: pagpapala o panunumpa, buhay o kamatayan. Pinipili natin ang pinakamahasag kapag nananalig tayo sa Panginoon at nabubuhay alinsunod dito. Gayon ang mensahe ng “Mapapalad.” Ang Panginoong Hesus ay siya nating dapat na maging tanging Yaman, ating Kaibigan, at pangwakas nating Gantimpala.

Sa Eukaristiyang ito, ipagdasal natin sa isang natatanging paraan, na tayo’y maging malapit sa Panginoon at mabuhay sa tanglaw ng kanyang “Mapapalad.” Ipagdasal din natin ang mga nabubulagan dahil sa simbuyo ng damdamin at mga negatibong impluwensiya ng kultura ng kamatayan sa ating paligid. Lahat nawa’y makakita sa liwanag at mamuhay alinsunod sa turo at halimbawa ni Hesus.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D’yos ko, ikaw ang kublihan, tagapagtanggol kong tunay. Iligtas mo’t patnubayan yaring aking abang buhay sa ngalan mo’y umiiral.
(*Sal 31:2-3*)

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesuskristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Mga Kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan, upang

maging marapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. (*Manahimik saglit.*)

P –Panginoong Hesus, ikaw ang bukal ng lahat ng buhay at kabutihan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, namatay ka para mabuhay ang sangkatauhan. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, nais mong itaguyod namin ang sibilisasyon ng buhay at pagmamahalan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaralang ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapatkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, pinangangatawanan mong manahan sa mga may loobing tapat at maaasahan. Sa kagandahang-loob mo, kami nawa’y makapamuhay bilang mga mapalad na maging iyong tahanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Jer 17:5-8*
Sa inspirasyong hango sa panitikang pangkarunungan, nagpa-paalala si Propeta Jeremias sa dalawang pangunahing pamilyan sa buhay: manalig sa mga bagay na materyal at mga tao, o sa Panginoon. Ang kasalungat na bunga ay sukat na makagaganyak sa ating marapat na pagpili.

L – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Parurusahan ko ang sinumang tumatalikod sa akin at nagtitiwala sa kanyang kapwa, sa lakas ng mga taong may hangganan ang buhay. Ang katulad niya’y halamang tumubo sa ilang, sa lupang tigang, at sa lupang maalat na walang ibang tumutubo; walang mabuting mangyayari sa kanya.

Ngunit maligaya ang taong nananalig sa Poon, pagpapalain ang umaasa sa kanya. Ang katulad niya’y halamang nakatanim sa tabi ng ba-tisan, ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito, kahit di umulan ay wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 1*
B – *Mapalad ang umaasa sa Panginoon tuwina!*

R. M. Velez



* **Mapalad ang taong hindi naakit niyong masasama, upang sundan niya ang kanilang payo’t maling halimbawa; hindi sumasama sa sinumang taong ang laging adhika’y pagtawanan lamang at hamak-hamakin ang Diyos na dakila. Nagagalak siyang laging magsaliksik ng banal na aral, ang utos ng Poon siyang binubulay sa gabi at araw.** *B.*

* **Ang katulad niya’y isang punongkahoy sa tabing batisan, sariwa ang daho’t laging namumunga sa kapanahunan, at anumang gawin ay nakatitiyak na magtatagumpay.** *B.*

* **Ngunit ibang-iba ang masamang tao; ipa ang kawangis, siya’y natatangay at naipapadpad kung hangi’y umihip. Sa taong matuwid ay Panginoon ang s’yang mag-iingat, ngunit kailanman ang mga masama ay mapapahamak.** *B.*

Ikalawang Pagbasa *1 Cor 15:12.*

16-20

Pagkatapos na ipahayag ang katunayan ng muling pagkabuhay ni Kristo, pinagdidiinan ni Apostol Pablo na ang pagtanggap sa muling pagkabuhay ng lahat ng yumao ay katumbas na rin ng pagtanggap sa muling pagkabuhay mismo ni Kristo – bagay na magbubunga ng masama para sa lahat.

L – Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

Mga kapatid:

Kung ipinangangaral naming si Kristo’y muling nabuhay, ano’t sinasabi ng ilan sa inyo na hindi bubuhaying muli ang mga patay? Kung hindi bubuhaying muli ang mga patay, hindi rin muling binuhay si Kristo.

At kung hindi muling binuhay si Kristo, kayo’y hindi pa nahahango sa inyong mga kasalanan, at walang katuturan ang inyong pananampalataya. Hindi lamang iyan, lilitaw pa na ang lahat ng namatay na nananalig kay Kristo ay napahamak. Kung ang pag-asa natin kay Kristo ay para sa buhay na ito lamang, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao.

Ngunit ang totoo, si Kristo’y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 6:23ab*

B – **Aleluya! Aleluya!**
Magalak kayo’t magdiwang!
Malaki ang nakalaang gantimpala ninyong tanan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 6:17.20-26*

Sa pagsisimula pa lamang sa kanyang buhay-apostoliko, si Hesus ay napaliligiran na ng makakapal na tao. Para sa may nais sumunod sa kanya, may pinatatanaw siyang pag-asa at babalang tulad ng mensahe ni Propeta Jeremias at ng unang Awit.

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, bumaba si Hesus, kasama ang Labindalawa, at tumayo siya sa isang patag na lugar. Naroon ang marami sa kanyang mga alagad at ang napakaraming tao buhat sa Judea at Jerusalem, at sa mga bayan sa baybaying-dagat ng Tiro at Sidon. Tumingin si Hesus sa mga alagad, at kanyang sinabi:

“Mapalad kayong mga dukha, sapagkat ang Diyos ang maghahari sa inyo!

Mapalad kayong mga nagugutom ngayon, sapagkat kayo’y bubusugin!

Mapalad kayong mga tumatangis ngayon, sapagkat kayo’y magagalak!

Mapalad kayo kung dahil sa Anak ng Tao kayo’y kinapopootan, ipinagtatabuyan at inaalmura ng mga tao, at pati ang inyong pangalan ay kinasusuklaman. Magalak kayo at lumukso sa tuwa kung ito’y mangyari, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit – gayon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta.

Ngunit sa aba ninyong mayayaman ngayon, sapagkat nagtamas na kayo ng kaginhawahan!

Sa aba ninyong mga busog nga-yon, sapagkat kayo'y magugutom!

Sa aba ninyong nagsisitawa ngayon, sapagkat kayo'y magdada-lamhati at magsisitangis!

Sa aba ninyo, kung kayo'y pinu-puri ng lahat ng tao, sapagkat gayon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga bulaang propeta.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Sa gabay ng mga pagbasa ngayon, hilingin natin sa Diyos ang biyayang magawa natin lagi ang tamang desisyon at pagsumikapang ang mga ito.

B – Panginoon, dinggin Mo kami!

* Upang ang Simbahan ay hindi mapagod na himukin ang bawat isa sa paggawa ng tamang desisyong na aayon sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Upang patuloy tayong gabayan at pukawin ng Santo Papa at iba

pang mga pinuno ng simbahan na mamuhay ayon sa batas ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Upang ang ating mga pinunong pulitikal at kultural ay bumuo ng kapaligirang nagtataguyod at nagsusulong ng kung ano ang tama at karapat-dapat. Manalangin tayo! **B.**

* Upang ang lahat ng mga *media practitioners* ay tunay na maging puno ng mga magagandang katangian at pukawin ang kanilang mga tagapakinig na gawin ang tama at nararapat. Manalangin tayo! **B.**

* Upang ikintal ng mga magulang at guro sa kabataan ang taus-pusong pagmamahal sa katotohanan, katapatan, kalinisan, at pagmamahal sa Diyos at kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Upang lahat tayo ay kumilos ng may pagkakaisa at pagtutulungang makabuo ng pamayanang may tunay na katangiang Pinoy: maawain, mapagbigay, pantay-pantay, maka-Diyos, at may pagkakaisa. Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, tulungan Mo kaming mahal in ang Iyong minamahal at tanggihan ang Iyong tinatanggihan, nang sa gayon ay makamit namin ang buhay na walang hanggan at kaligayan sa Iyong Kaharian kung saan Ka nabubuhay at naghahari magpakailaman.

B–Amen!



P– Manalangin kayo. . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, kami nawa'y dalisayin at panibaguhin ng aming gaganaping paghahain. Kami nawa'y itaguyod ng gaganing ito sa pagnanais naming sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo IV

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamat!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanyakanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis

ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pagkaing ibinigay ng Panginoong Maykapal ay nasiyahan ang tanan. Kanilang inaasaha'y nagkamit ng katuparan. (Sal 78:29-30)

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

P– Sumainyo ang Panginoon.
B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas.
(Manahimik saglit.)

– Puspusin nawa ang inyong mga isip ng Kanyang katotohanan at ang inyong mga puso ng Kanyang pagmamahal upang kayo'y maging sinag ng pag-asa sa lahat ng nakapaligid sa inyo!

B– Amen!

P– Pahalagahan nawa ninyo ang lahat ng buhay, lalo na ang buhay ng tao.

B– Amen!

P– Bigyan nawa kayo ng kapangyarihang magtanggol at magtaguyod sa buhay ng tao laban sa lahat ng pagtatangkang

sumira rito sa pamamagitan ng paglalaglag, *euthanasia*, terorismo, at iba pang anyo ng karahasan.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak,

at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

TULAD NG HALAMANG TUMUBO SA ILANG

Kalakbay at Katoto

Puno ng kabalintunaan ang mga pagbasa sa araw na ito ... kabalintunaanang halos ay nauuwi sa kasalungatan, at taha-sang kabaligtaran. Ang pagbasa mula kay Jeremias, na isa sa mga propetang ang buhay ay puno rin ng kabaligtaran, ay nag-aalay ng isang larawan ng isang bagay na tila walang anumang bahid ng katotohanan ... isang halamang tumubo sa ilang, isang punong nabubuhay sa katuyutan at sa kabila ng kasalatan.

Puno ng kabalintunaanang tulad nito ang buhay natin bilang kristiyano. Magsimula tayo sa mismong nagsimula ng sangkakristiyanuhan – ang Panginoong isinilang na mahina, mahirap, at walang pangako sa isang sabsaban sa Belen, nanirahan at lumaki sa isang bayang siniphayo ng tadhana at ng kasaysayan ... Nazaret ... “Anong magaling ang puedeng manggaling sa Nazaret?”

Puno rin ng kabalintunaan ang kanyang pangaral ... mapalad aniya ang mahihirap ... mapalad ang mga mababang-loob ... Mapalad ang mga inuusig nang dahil sa kanya ... Sa mata ng taong nahirati sa kalinangan ng salapi, kapangyarihan, at kakayahan, isa itong malaking dagok. Paano magiging mapalad ang mga walang kaya? Paano ituturing na mapalad ang mga

inaapi at sinisiil? Paano dapat italaga ang mga naghihirap sa ngalan ng katarungan bilang mapalad at puno ng kagalakan? Marami tayong halimbawa sa larangang ito halaw sa ating buhay na napalilibutan ng lahat ng uri ng katanungang tila walang kasagutan...

Ewan ko kung mapalad tayo at lahat ng naging pinuno natin ay pawang nabahiran ng mantsa ng katiwalian... Ewan ko kung mapalad ang Pilipinas at tayo ay pahirap nang pahirap, at ang antas ng ating edukasyon ay isa na sa mga pinaka-aba sa buong mundo! Ewan ko ba sa inyo kung maituturing nating kapalaran ang katotohanang ang hanay ng mga mangmang at mga dukha ay hindi kumakaunti at bagkus lalong dumarami?

Subalit ito mismo ang tinutum-bok ng magandang balita ng kaligtasan ... na narinig natin makailang ulit sa mga nagdaang Linggo ... kalayaan para sa mga bihag, kagalingan sa mga maysakit ... Ito ang dahilan kung bakit siya isinugo ng Ama. At ito ang sinabi niya nang siya ay tumayo sa sinagoga at magbasa mula sa propeta Isaias ... Ang lahat ng iyon, aniya, ay naganap habang sila ay nakikinig!

Sa aking pagninilay noong mga nakaraang Linggo, binigyang-



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

diin ko ang katotohanang tunay na nagaganap ang mga ito sa panahon natin. Subalit akin ring binigyang-diin na ito ay nagaganap dahil sa may mga “nakikinig.” Walang katuparan kung walang kalinangan ng pagtalima, pakikinig, at paggawa sa mga narinig.

Dito pumapasok ngayon ang magandang balita ng kaligtasan. Hindi ito isang lathala na binabasa lamang ng mga tagapagbalita. Hindi ito isang palabas at pahayag lamang ng taong ang pinagkakitaan ay ang maglabas ng pawang magagandang “*praise releases*” sa madlang taong ang hanap lamang ay makiliti at “matuwa sa galak” dahil sa mga pambobola ng mga survey at ng *social media influencers*.

Ito ay balitang ang pakay ay gumising, pumukaw, at tahasang gumulantang sa mga natutulog na taong nahirati na sa kalinangan ng kadiliman at katiwalian.

Nakalulungkot na kay rami sa atin ang kay dal-ing matangay ng mga *survey*. Nakalulungkot na kay rami sa atin ang nadadala lamang ng magagandang damdaming dulot ng mga pangalang kumakatawan lamang sa ating maiinit na pangarap, nguni’t walang katumbas na kakayahan at lakas ng *political will*.


Nguni’t ang magandang balita ng kaligtasan ay may kinalaman hindi lamang sa anim na taon, kundi sa kawalang hanggan. At dito papasok ang pangangailangan natin ng perspektibo – ng wastong pagtingin sa mga bagay-bagay. At ang wastong pagtinging ito sa mga bagay-bagay ay may kinalaman sa katotohanang hindi magagapi ng katiwalian, hindi magugupo ng kamatayan, at hindi matatalo ng kasamaan at kasalanan ng tao.

Tama si Jeremias. Ang taong tapat, tulad ng katapatan ng Diyos ay isang halamang nakapunta sa tabi ng batisan, sa tabi ng tubig na nagbibigay-buhay. Hindi matitinag ang punong ito ... Bagama’t salat sa lahat ng bagay, ay puno siya at busog na busog na mga pagpapahalagang nararapat.

Tuyot ang kapaligiran natin ngayon sa maraming bagay. Ngunit sa tagtuyot, ang halamang tumubo sa ilang ay larawan ng pagwawagi ... larawan ng kapalaran.

Malinaw ang hanap sa atin ng Diyos na nagbibigay sa atin ngayon ng isang panawagan at paanyaya, kalakip at ang isang paalala. Ang mapalad ay sinumang matutulad sa halamang tumubo sa ilang! Anong uri ng halaman tayong lahat?

An indispensable aid to make a good confession,
available in Tagalog and English



A shorter version of these two pamphlets
is also available in folded leaflets.

ORDER NOW AT WORD AND LIFE PUBLICATIONS!

